

Liwanag - Tanglaw

International

Healing Through Love


In the book, "The Scalpel and the Soul" (2008), author Allan J. Hamilton, M.D. tells of his experiences with the supernatural while practicing medicine.

A woman went through cardiac arrest at her husband's funeral. When rushed to the hospital, her pacemaker was found to have malfunctioned. (A pacemaker is an electronic implant that prevents heart attacks by regulating the beating of the heart.) When the woman was revived, she threatened to sue the hospital for interfering with God's will. Prior to her husband's death, her husband told her he had a near death experience (NDE) where he felt "peace and loved" and as if he was finally "coming home". The author says that technological advances make NDEs increasingly common in emergency wards today.

A ten year-old boy's father died of a heart attack when

the boy suffered 95% burns while climbing a high-voltage tower. To cover the boy with skin that will not be quickly rejected by his body, the dead father's skin was transplanted on the boy. When the boy awoke, he saw his father by his hospital bed, smiling and waving. At the time, the boy didn't know of his father's death.

The author also recalls patients who outlasted their terminal prognoses when there was hope or reason to go on living. In one case, after the author complied with a cancer patient's wish to be told when it was time to give up, the patient visited the



"Autumn in Connecticut" by Bro. Ed Nibungco

doctor one last time to say goodbye then died the following day.

In another case, an old woman with ovarian cancer was given less than four months to live. But being the sole provider for a grandson who is suffering from hydrocephalus, the woman had no intention of dying and continues to live today, four years past her terminal prognosis.

Among our church members, similar stories abound. Especially when Gran Superma was present, many who underwent surgery believe that Gran Superma cured them.

In a sermon delivered over forty years ago, Gran Superma may have revealed a potent source in healing. "Kapag ang paggamot ng isang doktor ay may pagmamahal sa kanyang pasyente," she said, "ilalagay

Continued on p. 2

Meditating to Reduce Pain

A researcher in the University of Maryland found that meditation significantly reduces pain from rheumatoid arthritis.

Rheumatoid arthritis (RA) is a disorder wherein the body's immune system mistakenly attacks itself. The result is painful inflammation in the joint that can limit motion. No one knows what triggers RA but greatest at risk are

people 40-50 years of age or older.

RA is chronic because it progressively damages the joint. For the sufferer, this means a lifetime of pain. Everyday movement like turning on the faucet, lifting a jar, or walking can bring pain. The RA sufferer uses the affected limb less and with no exercise to lubricate the joint, stiffness can occur that could lead to a

life of disability.

There is no known cure for RA. The sufferer's only recourse is to reduce the pain. Negative feelings like ire, powerlessness, and self-pity only make the pain worse.

This is where Dr. Elizabeth K. Pradhan of the University of Maryland decided to study the effects of meditation on arthritis. She used mindfulness-based-stress-reduction, a type of meditation that has

Continued on p. 2

Volume 29, Issue 1

June 2008

**East Coast
Next Sesyon:**

June 14 – Saturday, 5:00 p.m.

Pag-gunita at pag-alaala sa pag-alis sa laman ng KGG na Gran Superma, Dr. Rosa Pena Tongko. Gaganapin ito sa tahanan ng mga kapatid na Bro. Eddie at Sis. Lota Cantada, sa:

3117 Bangor Drive,
Chesapeake, VA 23321
Tel. (757) 483-2103

West Coast:

Maaring tumawag kina:

- Bro. Louie & family: (619) 264-4251
- Sis. Fia Zabat Swartz: (619) 656-3138
- Sis. Amor & Bro. Salvador Pia: (619) *82-656-0325, or Fax (619) 421-5240.

A Piece of History**Thais' Meditation**

The music that accompanies our sesyon's prayer portion is called "Meditation". It is from the opera called "Thais" so it is more commonly known as "Meditation from Thais" or "Thais' Meditation".

The opera, Thais, is set in the ancient city of Alexandria, Egypt, where a monk named Athanaël tries to convert a woman named Thais from her worldly courtesan ways to become a nun. Thais initially rejects the monk's proposition.

After a night of meditation, Thais sees the emptiness in her life and realizes that her youth and beauty will not last.

Desiring a spiritual life, she joins the monk and together they travel through the desert—the arduous journey serving as penance for her sins—and reach the convent. There, Athanaël leaves Thais with the nuns, never to see her again.

Thais' memory soon haunts Athanaël. He realizes that he loves her. Seeing a vision where Thais is dying, Athanaël rushes and finds Thais on her deathbed where she describes the heavens open and the angels singing. Thais dies enraptured. Athanaël despairs.

The opera's music was composed by Jules Massenet and first performed in France

in 1894. The "Meditation" music plays during Thais' overnight conversion.

"Thais' Meditation" has been playing in our sesyons for as long as anyone can remember. A musician-member named Valentin Ganer—or simply "Mang Ganer"—may have been the first to play it on the organ in the 1940s. Lolo Pepe Matias then took over and played it on his violin, followed later by his son, Dr. Fiel Matias, who, with a degree in piano from the UP Conservatory of Music, played it on the organ until he left for the US in the 1960s.

Today, there are many meditation CDs. But with the power to draw the listener in and become one with the wailing violin that never finds itself treading alone because the strong and gentle harp is always there, invisible at times but constantly guiding it along, few can be as moving as "Thais' Meditation". ☼

Sources:

- "Thais (opera)" Wikipedia, The Free Encyclopedia. 27 January 2008. Wikimedia Foundation, Inc. 15 Apr. 2008. <[http://en.wikipedia.org/wiki/Tha%C3%AFs_\(opera\)](http://en.wikipedia.org/wiki/Tha%C3%AFs_(opera))>
- "Thais" Classical Voice. 17 January 2003. 9 May 2008 <http://classicalvoice.org/articles/RV_loc17jan2003_thais_trav.htm>
- "Meditation from Thais" Firebird Editions. Date unknown. 6 Nov. 2007 <http://www.firebirdeditions.com/complete_meditation_thais.htm>

A Moment of Silence**Sis. Anna Cruz**

Sis. Anna Cruz of Dampalit, Malabon passed away on April 16, 2008. Sis Anna Cruz was an excellent example of a person who dutifully followed her husband's faith and encouraged the whole family to do the same. Sis. Anna's beautiful smile, magandang morena, and cheerful greetings whenever she met church members will be fondly remembered. ☼

Sis. Geny Capati

Sis. Geny Capati passed away on March 16, 2008. She was 74. Sis. Geny belonged to a family that never misses any of our Sunday services and activities. Before she became ill, Sis. Geny helped maintain the cleanliness and upkeep of our Templo Sol. Sis. Geny's devotion to Kapisanang Ang Tanglaw and her readiness to help in all of our church activities will be greatly missed. ☼

Congratulations...

... to Bro. Poyan and Sis. Rose Flores' daughter, **Sis. Precious** on the birth of her twins Nathalan Isaac and Nicholas Florian last January 12!
... to Bro. Sixto and Sis. Norma Roman's daughter, **Sis. Lyn** for the completion of

her residency at St. Vincent Hospital!

... to Bro. Art and Sis. Fiely's son, **Bro. Kerry** on his graduation from Bernard Baruch College with a Business Administration degree in Accounting! ☼

Healing Through Love*Continued from p. 1*

niya ang kanyang buhay sa kamay ng doktor na iyan."

Hamilton tells the same thing. "Find a doctor who cares about you," and once you do, "entrust yourself into that doctor's hands."

Love can be a powerful ally when it comes to healing. In the words of Gran Superma, herself a medical doctor, "Iyan ang susi ng tagumpay ng doktor, paggamot na may pagmamahal." ☼

Meditating to Reduce Pain*Continued from p. 1*

been used alongside treatments for heart disease, anxiety, and depression. It helps the patient achieve relaxation, calmness, and mental clarity through moment-by-moment awareness of one's thoughts, emotions, and physical sensations. It makes the person non-judgmental and compassionate toward the self and others.

By dividing 63 RA patient-volunteers into two groups where one group practices meditation while the other does not, Pradhan found that after six months, patients that practiced meditation showed a 35% reduction in psychological distress. They also showed an increased sense of well-being—important to any patient regardless of illness.

"When you begin to accept life just as it is, without all the judging, what emerges is not just self-acceptance but more acceptance in general," Dr. Pradhan says. "People just become more at peace with how things are—which is not to say that they give in to their RA. It's more like the RA doesn't become a reason not to be peaceful or happy."

Meditation brings positive

changes to an individual be it mental, spiritual, or physical. It could even be beneficial to practice meditation now while healthy. So when RA or some other disease comes along, the road we are forced to travel may not be a walk in the park, but it does not have to be a steep uphill climb either. ☼

Sources:

- "Mind Over Arthritis" *Health Monitor* February 2008. 17 Apr. 2008 <<http://www.healthmonitor.com/takingcare/arthritis/mind-over-arthritis.html>>
- Mozes, Alan "Meditation May Help Rheumatoid Arthritis Sufferers" *HealthDay Reporter* 28 September 2007. 25 April 2008 <<http://abcnews.go.com/Health/Healthday/story?id=4508843>>

This Issue's Contributors:

Bro. Nel Clemeña
Sis. Fe Fauni
Bro. Ed Nibungco
Bro. Jim Nibungco
Bro. Sixto Roman
Sis. Grace Zabat

Join Our Discussion Group!

Send e-mail to Bro. Ed Nibungco at ednibun@msn.com to join *Linwanag-Tanglaw* at *YabooGroups*.

We Welcome Submissions!

Send your articles, photos, and birth and death announcements to:

- Sis. Fiely Novilla
fiely@natanning.com
- Sis. Fiel Zabat
fielzabat@netzero.net
- Bro. Billy Carpio
vvcarpio@hotmail.com

Pag-Ibig at Mabuting Gawa

Dr. Rosa Pena Tongko

Mga Kapatid, narito tayo ngayon at nagtititipon upang sa mga oras na ito maiangat natin ang ating isipan at maugpong doon sa isipan ng Dios. At pagkasupil natin ng lahat ng mabababang tibukin at masupil ang lahat ng mabababang isipan, maalis ang mga kapootan sa ating kalooban, makapasok tayo doon sa kalagayang pagka-espíritu at makasamba nga tayo sa pagka-espíritu at katotohanan, sa oras na iyan nawa'y maramdaman ng bawat isa ang biyaya ng Dios, maramdamang Siya ay nasa atin ngayon sa mga oras na ito. Magkaganoon nawa, mga Kapatid.

At hayan nga ang kaparaanan: unti-unti ipinadidinig sa atin ang mabubuting aral upang unti-unti iyan ang ating iniisip. Nalilimutan natin unti-unti ang lahat ng pakikibaka sa kabuhayan upang mabuhay ang katawang laman. Ngayon tumatanggap tayo ng pagkain ng kaluluwa. Ang pagkaing iyan, iyan ang nagbibigay ng sigla, iyan ang nagbibigay ng buhay o animo sa kaluluwa na tumatagos sa ating kabuhayang fisico.

Hindi sa pagkain lamang nabubuhay ang tao, hindi iyang pagkaing magaspang lang. Ang sabi nga ng Maestro, "Hindi lang sa tinapay nabubuhay ang tao." Kayat ang katawang ito at ang ating sigla, ang ating paggustong mabuhay at ang lahat ng ating nagagawa, hindi dahil sa kinakain lang nating pagkain upang ma-conserva ang buhay, kundi dahil sa pagkain ng kaluluwa, lakas ng isipan, pag-asa sa Dios. Iyan ang nagbibigay sa atin ng sigla at dahil diyan, pinakikina-bangan natin ang pagkaing ibinibigay natin sa katawan nang mas maraming oras ng ating kabuhayan. Anupa't diyan naibibigay sa paghahanap ng pagkain ng katawan, pagmamantini ng pamilya, mapatalino ang isipan ng pamilya.

Kayat, mga Kapatid, kahit saglit sa bawat araw, huwag ninyong kalilimutang ipailanlang ang isipan at isipin naman ninyo

ang pinagbubuhayan ng buhay sa lihim. At ganito sa ika-7 panahon ng inyong buhay, gawin nawa ninyong panata na makadalo sa isang pulungang gaya nito, na sa oras na ito, wala tayong iniintindi liban sa ating pagdalangin, pagsisikap na mawasto ang gawain, iyon lamang. Hindi gumagalaw ang ating mga kamay ngayon upangkumita ng kakanin ng laman. Gumagalaw ngayon ang ating isipan, nakabukas ang ating puso upang tumanggap ng biyaya ng Dios.

At nandiyan, napakinggan ninyo ang atin ngayong nininilay-nilay tungkol sa pag-ibig at mabuting gawa. Napakakaraniwang mga salita o pangungusap. Madidinig ninyo sa lahat ng sulok. Nadinig na natin iyan sa ating kanunu-nunuan at sa halos lahat ng katuruan at mga pangungusap ng Maestro sa Kasulatan. Iyan ang laman, iyan ang substancia: pag-ibig at mabuting gawa. Ano ngayon, mga Kapatid, ang atin ngang magiging pakina-bang diyan sa pagtupad ng pag-ibig at paggawa ng mabuting gawa? Ang pananatili ng pag-ibig sa puso at paggawa ng mabubuting gawa? Mga Kapatid, kung inyo lamang inuuri ang lahat ng gawain ng tao, makikita natin iyang pag-ibig at mabuting gawa magmula pa sa kanyang kahayagang magaspang o mababa-baba kaysa sa sintido ng wikang pag-ibig sa ating pagtanggap.

Sa atin, ang pag-ibig ay Dios, espiritu, buhay. Ngunit, naito, ilalapat natin sa ating kabuhayan ang pag-ibig at mabuting gawa. Iyan ang susi ng tagumpay dito sa buhay na ito at saan pa mang buhay o mundo tayo mapadpad. Hindi lang nalalaman ng tao: ang daming tao, mga pamilya, mga naciones, mga pinuno ng mga gobierno, iyan ang gusto: tagumpay sa kabuhayan, makaakyat ang mababang isip, makaakyat doon sa kanyang layunin, matamo ang lahat ng layunin, pataas nang pataas. Ang mga taong espirtual, ang sila'y magtagumpay sa kanilang karera espirtual.

Ang mababang kahayagan niyan ay ang paggusto. Gusto, may tumitibok sa ating puso, gusto natin ang isang bagay. Ilapat natin sa gawa, maging gawang mababa, gawa para sa fisico, comercio, pananahi, pagpapanday, pagtanim, kahit anong gawa na karaniwang gawain ng tao na alam niyang gawin. Kapag ang inyong paggawa ay mayroon kayong paggusto sa inyong ginagawa, nandoon ang inyong entusiasmo, ang alab ng inyong kalooban, sigla ng katawan. Magbubunga ang inyong isip at makikita ninyo walang pagsalang kayo'y magtatagumpay, walang pagkalagpak sa inyo. Ang lahat nga ay nasa pag-aaral. Maaari kayong madapa, malagpak sa inyong ginagawa na may paggusto naman kayo, ngunit nandiyan ang bawat paglagpak hindi dapat ipagbitiw ng gawang mabuti na gustong gawin. Ang mga paglagpak na yaon, o kung sa biglang sabi ay "failure", nagsisilbi lamang na tuntungan o pedestal ng inyong kinabukasan na tagumpay. Kahit ano, mga Kapatid, inyong subukan at siguradong mangyayari. At sa bawat inyong paglagpak, kung kayo ay lalagpak at inyong piling muling tumayo at ipagpatuloy ang mabuting gawaing inyong ginagawa maging mababang klase ngunit servicial o pakikina-bangan, makikita ninyong sa isang pagtindig ninyo, isang paglakas na muli ng inyong mga bisig at isang paghambing ninyo sa progreso.

Maraming taong ganyan na ngayon mga multi-millionario sa iba't-ibang bayan at lalo na sa bayan ng America na nangagsimula sa mababang gawaing mabuti—mabuti para sa kanilang kabuhayan, sa ikalulusog ng kanilang kaban—na nangalagpak ngunit mayroon silang paggusto. Nandoon ang lakas ng kanilang kalooban, muli silang bumabangon. Ang isa diyan na nabasa ko ang biyograpiya ay ang Dollar, ang may-ari ng Dollar Lines na multi-

millionariong Amerikano, na siya ay isang bata lang na mahirap—na batang-bata pa siya sa edad na doce anyos nang pumasok siyang naninilbihan sa mga nagpuputol ng troso sa bundok. Tagaluto siya ng café hanggang siya ay napapagalitan ngunit patuloy ang kanyang pagsisilbi na may kaunting suweldo at pagkain. Nakita niyang ang negosyong nagpuputol ng kahoy ay mabuti at nagbibigay ng kayamanan. Mayaman ang kanyang panginoon. Nang siya ay maging binata, natipon niya unti-unti ang kanyang suweldo, at pinarisan niya ang negosyo ng kanyang amo mula ng siya'y bata pa. Nagputol din siya ng kahoy, nilagari niya, kinulang ng puhunan hindi niya natapos. Nalagpak ang kanyang negosyo, naubos ang lahat ng kanyang pinagpaguran at walang nangyari sa kanyang negosyo.

Bumalik siyang muli sa pagkaempleado o magtatrabaho sa kanyang dating pinagtrabahuhan. Tumanggap na naman siya ng suweldo. Ang suweldo niya ay mas malaki na dahil sa kanyang edad at karanasan. Nagtipon na naman siya sa mahabang panahon at pagkatipon, muling nagbalik siya doon sa gusto niyang negosyo Lumagpak na naman ang lahat ng kanyang tinipon hanggang dumating ang panahon na dumating siya sa hustong gulang, muli na naman siyang nagtrabaho at nakatipon. Nagkaroon siya ng palad na makapag-asawa ng isang mabuting babae na matulungin. Muli na naman sa pagtutulong nilang makatipon ng kaunting puhunan, bumalik na naman diyan sa gusto niyang negosyo at diyan na nagtagumpay sa tulong ng guia ng kanyang asawa na mabuti. Ngayon, iyan ang pamilyang may-ari ng mga bapor na

Continued on p.4



View of Chula Vista from Bro. Ging and Sis. Amor Pia's home. Photo by Sis. Fe Fauni

Pag-ibig at Mabuting Gawa

Continued from p.3

tinatawag ninyong Dollar Lines.

At marami diyan sa America na mga pobreng bata, nagtitinda ng lapis, periodiko, naglilinis ng sapatos, ngunit sa tiyaga nila na pag-gawa ng isang mabuting gawain para sa kanilang kabuhayan, sa kanilang paggusto, mayroong gusto, diyan nariyan ang fuerza de voluntad, nangagtatagumpay sa buhay. Hindi natakot sa pagkadapa. Kapag natakot ka sa pagkadapa at hindi ka na bumangon, kailanman hindi mo madadala ang krus sa Kalbaryo. Hindi ka makakaakyat sa bundok ng Kalbaryo. Sa Kristo nangyari iyan, sakripisyo espirituwal. Iyan sa mga gawa lamang dito sa mundong fisico, sa negosyo, mailalapat ninyo ang susing iyan, at iyan ang magbubukas sa inyo ng tagumpay, mga Kapatid. Ang mga tao ay naghihirap sapagkat hindi nila nalalaman ang susi ng tagumpay. Ngunit kakambal niyan, mga Kapatid, ang mga birtudes na kailangan ng tao: walang pagmamamalagi, walang kapalaluan, walang kasagwaan, walang bisyo, walang kahiligan ang ulo na palso, matuwid ang ulo, ang iniisip lang iyong kanyang mabuting gawa at paggusto sa ginagawa. Iyan ang nangagtatagumpay.

Langat natin ngayon nang kaunti, hindi sa negosyo, kundi sa kung ano-anong gawa, sa mataas nang kaunti. Sa propesyon, gaya ng isang nurse, gaya ng isang maestro, gaya ng isang doctor, gaya ng isang saserdote, mataas-taas. Iyang nararamdaman ng mga taong iyan na mga propesional na mataas ang uri. Hindi na basta paggusto lang, mga Kapatid. Pagmamahal! Sa loob ng pagmamahal naroon din iyong paggusto ngunit mayroon nang uring napakatamis na parang nectar, mayroong sakripisyo, pangalawang baytang, mga Kapatid, ng

manifestacion mula sa ibaba ng sinasabing pag-ibig.

Ang doktor, maaari siyang manggamot, rumiseta, ngunit kung hindi niya mahal ang kanyang pasyente, kumikilos lang siya't gumagawa upang kumita ng salaping kailangan naman niya sa kanyang buhay at representasyon at sa pamilya. Walang pagmamahal! Mekanikal kung sabihin, mahirap gumaling ang pasyente, matagal, walang nararamdaman ang pasyenteng pagkaugpong sa kanyang doctor. Hindi naman nakakaramdam ng pagmamahal ang pasyente mula sa kanyang doctor, walang confianza. "Kinukuwartahan lang ako nitong doctor na ito," maaaring masabi pa niya sa kanyang kaloo-ban kapag hindi dinidiretso ang reseta sa kanya upang magtagal. Ngunit kapag ang paggamot ng isang doktor ay may pagmamahal sa kanyang pasyente, mararamdaman ninyong magtitiwala ang pasyente sa kanyang doctor, ilalagay niya ang kanyang buhay sa kamay ng doktor na iyan. Kahit napakahirap na tao iyan na salamat lang ang bayad, ngunit mga Kapatid, ika nga'y "walang tanim na hindi balang araw matatagpuan." Parang isang palasong ipinana sa malayo, bagaman di nakita't nawala, balang araw ang ipinanang iyan matatagpuan. Ganyan din ang lahat ng butil ng gawain ng isang doctor na marunong magmamahal sa pasyente. Kahit salamat lang ang ibinayad, iyong bigkas na iyon ng salamat, iyang tunog na iyong nasa "ether", iyong pagmamahal rin ng pasyente sa kanya, iyan ay binhing hindi ninyo mahahalagahan ang bungang tatanggapin ng doktor na iyan. Iyan ang susi ng tagumpay ng doktor, paggamot na may pagmamahal.

Kailangang magkasamang pirmi

inyan, paggusto at mabuting gawa sa fisico, pagmamahal at mabuting gawang ma-angat-angat, may bahid ng pagka-espiritu. Ang nurse na walang pagmamahal sa kanyang inaalagaan, matagal gumaling ang alaga. Ang pagmamahal ng nag-aalaga ay nagbibigay-buhay, kayat kung minsan, yakap ng isang ina'y bumubuhay sa anak na naghihin-galo. Ganyan, mga Kapatid.

Ang hatol o pangaral ng isang ministro na may pagmamahal sa nagkasala, naalis niya ang taong nangungumpisal sa kanya o nagtatapat sa pagkakasala. Naaawat niya at naaakay niya sa landas ng kabutihan. Ngunit kung sukot ang making at tatanggap ng salapi, walang kasaysayan—wala, mga Kapatid. Hindi magtatagumpay ang isang ministro na dahil lang sa kaunting suweldo o bayad ng mga nananampalataya, dahil doon siya ay mangangaral, dahil doon siya ay mananalangin, walang kasaysayan ang lahat ng iyon. Ang hahango sa pagkakasala ng mga nananalig ay ang pag-ibig o pagmamahal ng isang ministro. Kayat kailangang ang dalawang iyan ay laging magkasama.

Kayat nandiyan ang ating ninilay-nilayan ngayon: pag-ibig at mabuting gawa. Langat natin ngayon diyan sa nabanggit na iyan, pag-ibig at mabuting gawa. Mataas na ang kulay niyan, mga Kapatid. Hindi sukot lang na pagmamahal na nalalaman ng tao. Espirituwal sapagkat nandiyan na ang singaw o influencia ng Dios, na kasama ng inyong pangungusap, ang nararamdaman ng inyong puso. Iyan ang mga gawaing nakagagawa ng mga kabalaghan kung inyong ibig tawaging gayon. Kababalaghan iyong hindi ninyo akalaing mangyayari nagagawa ninyo kahit anong hirap sa tingin ng madla. Kayo'y hindi nahihirapan sapagkat ibig ninyo iyon, ibig ninyong gawin ang gawaing yaong tungkulin ninyo sa

inyong pagtanggap. Hindi ninyo ginagawa sa iba upang kayo ay bayaran kundi dahil sa tungkulin ninyo sa inyong kapuwa-tao at sa inyong Dios at upang ang inyong kabuhayan ay magkaroon ng kasaysayan. Iyan, mga Kapatid. Itaas ninyo ang uri ng inyong pananggap sa mga oras na ito.

Iyan, sinasabi ko sa inyo at inu-ulit. Iyan na ang susi ng tagumpay sa buhay na ito. Huwag na kayong mag-aral ng napakarami. May kasabihan: "Ang kaalaman ay nagiging kalabisan sa taong binibigyan ng Dios ng suwerte." Ano ang suwerte? Suwerte buhat sa Dios parang biglang tingin ay asar o parang nangyari lang. Hindi, mga Kapatid. Ang lahat ay nasusulat, ang lahat ay yari na. Natutupad na lang ang lahat. Iyan ang susi. Hindi maaaring hindi magtagumpay, lumigaya at lahat ng hilingin niya ay nasa kanya na ang taong gumagawa ng mabuti na may pag-ibig.

Kayat manalangin tayo ngayon, mga Kapatid, at iyan ang dalhin sa gawain. Supilin natin ang ating sarili, linisin ang lahat ng marumi, mag-ipon ng mga birtudes sapagkat hindi naman nga magagawa ng tao iyan kundi nasa kanya ang lahat ng birtudes: fisicos, animicos, espirituwal. Iba-iba ang mga birtud, mga Kapatid: may mababa, may panggitna at may kataas-taasan.

Ang lahat ng iyan nahahati sa tatlong klase, gaya na nga niyang sombra o kahayagan ng pag-ibig: Pag-ibig, may pagka-Dios; Pagmamahal, taong puno ng birtudes; Paggusto, taong may fuerza de voluntad. Inyong intindihin, mga Kapatid. Iyan ay sangkap ng kabuhayan ng tao, diyan nandiyan ang lahat. Yumaman, maghangad na magtagumpay, lumigaya at makalapat sa Dios. Tandaan ninyo iyan, iyan lang, mga Kapatid. Iyan ang laman ng buong Evangelio. Kayat magnilay-nilay tayo at manalangin. ☼

Coming Sesyons

Agosto 18 – Sabado, 5:00 p.m.

Pag-diriwang sa anibersaryo ng pag-angat sa kalagayang relihiyon ng Institution. Gaganapin ito sa tahanan ng mga kapatid na Bro. Virgelio at Sis. Vi Carpio, sa 5 Fortune Road, East Middletown,

NY 10941. Tel. (845) 692-4561

Oktobre 13 – Sabado, 5:00 p.m.

Pag-diriwang at pag-alala sa pag-silang sa laman ng KGG na Gran Superma, Dr. Rosa Pena Tongko, at gayon din ang kapanganakan sa laman ng ating Gurong Ispirital, Dr. Vicente Morales

Zabat. Gaganapin ito sa tahanan ng mga kapatid na Bro. Angel at Sis. Grace Santos, sa 390 Chestwick Drive, Martinsburg, WV 25401. Tel. (304) 267-7248

Disyembre 22-Sabado, 5:00 p.m.

Pag-diriwang at pag-alala sa pag-silang

sa laman ng Jesus, ang Kristo; gayon din ang pag-gunita sa pag-silang sa ispirit ng Fundador ng Espiritu ng Katotohanan. Gaganapin ito sa tahanan ng mga kapatid na Bro. Regino at Sis. Catalina Lopez, sa 160-15 12th Ave, Whitestone, NY 11357. ☼